

# Suring-Basa sa mga Kwentong Bayan ng Southern Leyte: Isang Tematikong Pagsisiyasat

## (Reading Research on the Folk Stories of Southern Leyte: A Thematic Investigation)

MARK B. GALDO, EdD

Arts and Letters Area, Secondary Teacher Education  
Southern Leyte State University – Tomas Oppus  
Tomas Oppus, Southern Leyte, Philippines  
mgaldo@southernleytestateu.edu.ph

**Abstract—** The main objective of this study is to document and analyze the themes contained in the Southern Leyteños' lives and experiences in selected folk tales of Southern Leyte that can be used in the teaching and learning of literature. This study used a quantitative (content analysis) and qualitative (Kendall W-Coefficient) method. The researcher carefully selected the participants who represented several towns in Southern Leyte. 15 participants were interviewed. The study went through validation by selected validators. It was discovered in the analysis that there are four (4) themes that have been developed and these are the following themes: (1) preparation and self-care for any tragedy or damage that will come in life, (2) human appreciation of natural resources, (3) desire for worldly things or penitence for personal preference, and (4) strong believers and vows to the patron. Based on the findings, the folk story of Southern Leyte focuses on a dominant thought, a unifying vision, a moral that is the main idea behind your story that recognizes the culture, experience, and life of the Southern Leyte people. An important component in responding to the contextualized learning curriculum in the teaching of the mother tongue is the discovery of unique story themes in the learning of cultural knowledge in response to the contextualization and localization of teaching, learning, and the enrichment of Filipino literature in the Filipino curriculum.

**Keywords—folk tales, folk story, regional literature, Southern Leyte, thematic**

ABSTRAK

*Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na madokumento at masuri ang mga temang napapaloob na naglalarawan sa buhay at karanasan ng mga Southern Leyteño sa piling kwentong bayan ng Southern Leyte na magagamit sa pagtuturo at pagkatuto ng panitikan. Gumamit ang pag-aaral na ito ng pamamaraang kwantitatibo (pagsusuring pangnilalaman) at kwalitatibo (Kendall W-Coefficient). Masusing pinili ng mananaliksik ang mga kalahok na siyang kumakatawan sa ilang bayan ng Southern Leyte. Ikinapanayam ang 15 kalahok. Ang pag-aaral ay dumaan sa balidasyon ng mga piling validators. Natuklasan sa pagsusuri na mayroong apat na (4) tema na nabuo at ito ang mga sumusunod na tema ay: (1) paghahanda at pagkalinga sa sarili sa anumang trahedyang o pinsala na darating sa buhay, (2) pagpapahalaga ng tao sa pinagkuhanang yamang likas, (3) pagnanasa sa makamundong bagay o epitimiya para sa pansariling*

*kagustuhan, at (4) matinding mananampalataya at panata sa patron. Batay sa mga natuklasan, Ang kwentong bayan ng Southern Leyte ay lumilente sa isang nangingibabaw na kaisipan, isang nagkakaisang pananaw, isang moral na siyang pangunahing ideya sa likod ng iyong kwento na kumikilala sa kultura, karanasan, at buhay ng mga Southern Leyteno. Isang mahalagang sangkap sa pagtugon ng contextualized learning curriculum sa pagtuturo ng mother tongue ang pagkatuklas ng mga natatanging tema ng kwento sa pagkatuto ng kaalamang pangkultural bilang tugon sa kontekstuwalisasyon at lokalisasyon ng pagtuturo, pagkatuto, at pagpapayaman ng panitikang Filipino sa kurikulum sa Filipino.*

**Mga Susing-Salita:** katutubong panitikan, kwentong bayan, Southern Leyte, rehiyonal na panitikan, tematiko

### I. INTRODUCTION

Ang kwentong bayan ay isang katutubong panitikan na humuhubog sa pagkatao at tumutulong sa pagbigay ng mga kaalaman at kaisipan na pumupukaw sa kaakuhan ng isang lipunan tungo sa makabuluhang buhay. Ang pagbigay-tuon sa mga kwentong bayan lalo na sa Southern Leyte ay isang daan sa pagkilala ng mga Southern Leyteño bilang isang pangkat na bumubuo sa bansa. Kung kaya, ang pag-aaralan at pagpapahalaga sa mga pasalindilang panitikan tulad ng Southern Leyte ay nararapat na pagtuonan ng pansin.

Ang isang akdang pampanitikan tulad ng kwentong bayan ay nagtuturo ng mga kaalaman sa pagpapahalaga ng mga bagay na makabuluhan sa buhay at karanasan ng isang lipunan (Thi Hong Nhung, 2016). Patunay ito na ang mga akdang pampanitikan ay magagamit bilang lunsaran ng pagtuturo at pagkatuto upang mapalaganap ang kaisipang lokal magiging mga pananaw na umiiral sa isang lipunan na kinabibilangan ng mga mag-aaral (Galdo, 2021).

Isang patunay na ang panitikan ay katulad ng pag-ibig at kaligayahan maging sa iba't ibang uri ng damdamin, nagpapayaman ng kaisipan at karanasan, nagpapalalim ng pagkaunawa, lumilinyang kamalayang pansarili, panlipunan at pambansa, at nagpapahalaga ng mga karanasang magiging timbulan sa oras ng pangangailangan. Dagdag pa, ito ang isa sa likas na tumutulong sa pag-unlad at tagumpay ng ating lipunang pinagmulan.

Sa konteksto ng Southern Leyte bilang isang lipunan, naniniwala ang mananaliksik na may malaking gamit ang pagbibigay-tuon sa kwentong bayan ng lalawigan bilang lunsaran sa pagtuturo ng wika maging ang pagmulat sa nakatagong kultura, pagkatuto ng mabuting asal, pagpapahalaga sa tradisyon, pagtuklas ng pananaw at pagdalumat sa mga arketipong tunay na bukal ng kabihasan at kadakilaan ng mga mamamayang Southern Leyteño. Kung kaya, isang epektibong lunsaran ang kwentong bayan upang mas maunawaan ng mga kabataan ang kulturang sumasalamin sa mga ito (de Bruijn, 2019).

Ang pangkaraniwang kontemporaryong pag-unawa sa tema ay isang ideya o punto na nasa sentro ng isang kwento, na kadalasang maiuugnay sa isang salita (halimbawa, pag-ibig, kamatayan, pagkakanulo). Ang isang tema ay maaaring maipakita ng mga kilos, pananalita, o mga saloobin ng isang karakter sa isang akda. Ang isang kwento ay maaaring magkaroon ng maraming mga tema. Ang mga tema ay madalas na galugarin ang pangkaraniwan o mga *cross-culture* na nakikilala na mga ideya, tulad ng mga etikal na tanong, at karaniwang ipinahiwatig sa halip na ipinahayag nang malinaw (Levenson, 2011).

Sa panitikang Pilipino, ang tema ay nagbibigay ng bigat, lalim at tunguhin sa isang sulatin at gawaing nangangailangan ng pagkamalikhain at kritikal na kaalaman at dagdag pa niya ang tema rin ang kahulugan o konseptong matutuklasan pagkaraang basahin ang isang akda (Evasco at Ortiz, 2008). Binanggit nina Lumbera at Lumbera (2003), ang tema ay abstraktiko at sentral na ideyang ninanais iparating sa mambabasa kaugnay sa piniling paksa. Itinuring na pinakabuod na larawang-isip o *central insight* ng isang akda ang tema (Villafuerte, 2000). Hindi mawawala sa isang kwentong bayan – ito man ay pasalita o pasulat, dahil nakasentro ang lahat ng pinag-usapan sa teksto upang ito ay madaling maunawaan.

Patunay ito sa awtentikong karanasan ng mananaliksik bilang guro sa panitikan ng rehiyon, ang kasalatan sa mga akdang pampanitikan tulad ng kwentong bayan ay maituturing na suliranin sa pagtuturo ng mga akdang kumikilala sa pagkakakilanlan ng lalawigan bilang mayamang lunsaran sa paglinang ng intangible local heritage. Gayunpaman, tugon ito sa mithiing kontekstuwalisasyon at lokalisasyon na kurikulum. Kung kaya, ang pagtalima sa natatanging lokal na kagamitan tulad ng kwentong bayan ay isa sa prayoridad ng mananaliksik upang maipabatid sa mga Southern Leyteño ang mga kwentong bayan na sumasalamin sa kultura, tradisyon at pagpapahalaga sa pagkalahi maging sa pagbubukas ng diwa hinggil sa pagiging Southern Leyteño na may kaakuhan.

Ang mga premisong ito ay ikinonsidera upang bigyang-puwang ang pagpapalakas at pagpapatupad ng kontekstuwalisasyon at lokalisasyon ng mga panitikan gamit ang mga kwentong bayan ng Southern Leyte upang suriin ang kulturang napapaloob na naglalarawan sa buhay at karanasan ng mga Southern Leyteño na magsisilbing kagamitang pedagohikal ng mga guro sa pagkatuto at pagtuturo ng buhay at karanasan ng mga Southern Leyteño. Dagdag pa, ang

pagkuha sa tema na namamayani sa mga bersyon ng mga pasalitang tradisyon tulad ng kwentong bayan ay mahalaga upang maipakita ang mga naging buhay ng isang lipunan tulad ng Southern Leyte na naghahari noon hanggang sa ngayon sa mga piling kwentong bayan nito.

## II. OBJECTIVES

Ang pangkalahatang layunin sa pag-aaral ay madokumento at masuri ang mga piling kwentong bayan ng Southern Leyte na magagamit sa pagtuturo at pagkatuto ng panitikan. Tiniyak na masuri ang temang napapaloob na naglalarawan sa buhay at karanasan ng mga Southern Leyteño.

## III. THEORETICAL-CONCEPTUAL FRAMEWORK

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa tematikong analisis nina Braun at Clarke (2006) kung saan isinasaad na ang isang tematikong pagsusuri ay isang paraan para sa pagsusuri ng qualitative data na nangangailangan ng paghahanap sa isang set ng data upang matukoy, suriin, at iulat ang paulit-ulit na mga pattern. Ito ay isang paraan para sa paglalarawan ng datos, ngunit ito rin nagsasangkot ng interpretasyon sa mga proseso ng pagpili ng mga koda at pagbuo ng mga tema.

Kung kaya, matutunghayan sa balangkas ng pag-aaral na ito ang mahalagang yugto ng pag-aaral upang matugunan at mabigyan ng kaukulang tugon ang pagdodokumento at pagsusuri sa kwentong bayan ng Southern Leyte. Sinimulan ito sa pagdodokumento at pagkokolekta sa mga kwentong bayan ng lalawigan mula sa mga naninirahang mga matatanda sa lalawigan ng Southern Leyte.

Mula sa nalikom at naidokumento na mga piling kwentong bayan ng Southern Leyte, pinagbabatayan sa pag-aaral na ito ang pagsusuring pangnilalaman sa nakuhang kwentong bayan batay sa temang nakapaloob. Ang kalabasan ng pagsusuri na ito ay siyang instrumento sa pagiging lunsaran ng mga kwento sa pagtuturo ng panitikan ng lalawigan na siyang tugon sa kontekstuwalisasyon at lokalisasyon ng kurikulum.

Sinuri rito ang mga tema na maaaring napapaloob sa mga kwentong bayan na kakikitaan ng mga pangunahing temang naglalarawan sa buhay ng mga Southern Leyteño. Ang mga temang ito ay namamayani sa kaisipan o mensaheng hinggil sa paksa na naglalarawan sa buhay at karanasan na ipinakita sa akda tulad ng pantao, politikal, panlipunan, kalikasan, makabayan, kahirapan, pananampalataya at paniniwala. Pagkatapos, iniayos ang bawat kwentong bayan na nalikom batay sa kung anong ispesipikong tema ito napabilang. Ayon kay Catipay (2019), ang pagkuha sa tema na namamayani sa mga bersyon ng mga pasalitang tradisyon ay mahalaga upang maipakita ang mga naging buhay ng mga mamamayan na naghahari noon hanggang sa ngayon sa mga piling kwentong bayan. Gayunpaman,

sumasagisag din ito sa estado ng pamumuhay na litaw-litaw sa akda.

#### IV. METHODOLOGY

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwalitatibo at kwantitatibong disenyo ng pag-aaral. Sa kwalitatibong metodo, ginamit ang paraang content analysis na konsepto ni Neuman (2011). Gamit ang kwantitatibong paraan, natitiyak ang mga resulta ng balidasyon ng mga validators sa content analysis batay sa mga kwentong bayang nasuri. Sa paraang ito, nailalahad sa mabisang paraan ang pagsusuri ng mga kwentong bayan na may layuning sistematiko at madaling paraan sa pagsukat ng mga baryabol ng pag-aaral upang matukoy ang lumilitaw na kultura na siyang magpapakilala sa natatanging identidad ng mga kwentong bayan ng Southern Leyte.

Ang mga kalahok o tagapagsalaysay ay masusing pinili ng mananaliksik sa tulong ng ulu na pamahalaan at tanggapanang panturismo ng bayan mula sa mga naitalang mga lugar na may kwentong bayan. Sa kabuuan, may 15 na kalahok o tagapagsalaysay ang nakapanayam ng mananaliksik sa pagkuha ng tiyak at sapat na datos na magrerepresenta sa mga bayan ng Southern Leyte.

Sa pagsusuri, masusing binasa ng mananaliksik ang mga kwentong bayang nakalap upang matiyak ang pagtukoy sa mga kinakailangang datos na nakapaloob sa mga kwento. Nagsagawa ng masinsinang pagbabasa sa mga kwento at sinuri ang ulu ani nakapaloob sa mga kwentong bayan ng Southern Leyte.

Ang mga nalikom na 15 kwentong bayan ay siyang sumasailalim sa pagsusuri ng mananaliksik alinsunod sa paraang pagsusuring pangnilalaman ayon sa mga kinakailangang datos ulu-aaral. Bilang katibayan sa pagsusuri, isinulat ang bawat kwentong bayan na isinalaysay ng mga kalahok. Nilagyan ng bilang ang bawat linya ng kwentong bayan.

Kinulayan at itinala ang mga bilang ng bawat kwento upang magkaroon ng madaliang pagtukoy at pagkilala sa mga salita o pahayag. Sinuri ang temang napapaloob na tampok sa mga kwentong bayan ng Southern Leyte. Kinulayan ang mga salaysay sa kwentong bayan na naglalahad sa tema ng mga kwentong bayan sa Southern Leyteño. Pinangkat at inihanay ang magkakaparehong thought unit upang mabigyan ng koda. Pinagsama-sama ang magkakaari at magkakaugnay na mga koda hanggang makapaglalahad sa nangingibabaw na mga ulu anito. Sa bahaging ito, isinasagawa ang masusing pagbabasa sa teksto ng kwentong bayan pagkatapos kinilala ang mga mahahalagang sipi ng kulturang Southern Leyteño na susuporta sa nakitang resulta.

Ang mga nasuring tema sa mga kwentong bayan ng Southern Leyte ng mananaliksik ay ipinabalida sa tatlong ekspert validators na kikilatis sa mga nasuri at natukoy na mga pahayag sa pag-aaral. Sa paglahad ng balidasyon ng mga validators, sinuri at nilagyan ng mga komento at marka ang nakuhang datos ng mananaliksik.

#### V. RESULTS AND DISCUSSION

##### Mga Tema ng Kwentong Bayan ng Southern Leyte

The Ang mga temang nasuri mula sa mga kwentong bayan ay siyang nangingibabaw na mensahe na naglalarawan sa buhay ng mga mamamayan ng Southern Leyte. Sa katunayan, namamayani sa mga temang nasuri ang likas na katangian ng mga tao na sumasalamain sa bawat kwentong bayan. Ang pagsuri at pagkilala sa mga tema na namamayani sa mga kwentong bayan ay makabuluhan at mahalaga. Sapagkat, naniniwala ang mananaliksik na sa pagtuturo ng mga panitikan ng Southern Leyte lalo na sa tema nailalantad ang mga mag-aaral sa mga buhay at karanasan na sumasalamain sa mga Southern Leyteño na naghahari noon at maging sa kasalukuyan kung saan sa panitikan lamang lantad ito.

Sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik, may apat na nangingibabaw na tema na nabuo at ito ang mga sumusunod na tema ay: (1) **paghahanda at pagkalinga sa sarili sa anumang trahedyang pinsala na darating sa buhay**, (2) **pagpapahalaga ng tao sa pinagkuhanang yamang likas**, (3) **pagnanasa sa makamundong bagay o epitimiya para sa pansariling kagustuhan**, at (4) **matinding mananampalataya at panata sa patron**.

Ang mga temang ito na matutunghayan sa Talahanayan 2 na syang kumakatawan sa kabuuang buhay at karanasan na ipinapakita sa bawat kwento ng mga Southern Leyteño. Ang inilalahad na mga tema ay bahagi na ng pagkakakilanlan sa taong naninirahan sa Southern Leyte. Isinaad ni Virtuoso (2017) na ang mga temang natukoy at naihayag sa mga kwento o akda ay tumutukoy sa mga mensahe na gustong iparating ng isang akda na may mga aral na maiuugnay sa buhay ng isang tao.

Mula sa apat na (4) tema ng kwentong bayan, pinakanangingibabaw ang temang matinding pananampalataya at panata sa patron na napapaloob sa limang kwentong bayan ng Southern Leyte na *Pagpanalipod ni Senyor Santiago, Milagrosong Senyor San Vicente Ferrer, Amigong Duwende, Wowog, at Syudad sa Panaon*.

##### Paghahanda at Pagkalinga sa Sarili sa anumang Trahedyang Pinsala na Darating sa Buhay

Sa masusing pagsusuri sa mga kwentong bayan ng Southern Leyte, lumitaw rin ang temang paghahanda at pagkalinga sarili sa anumang trahedyang pinsala na darating sa buhay bilang temang nangingibabaw sa kwentong bayan na *Misteryosong Barko sa Subang Daku, Mensaherong Pungaw* at ang *Wowog*. Ang temang ay tumatalima sa pagiging handa at pagprotekta sa sarili sa banta ng anumang kalamidad o kapahamakan na hatid nitong mundo, maari rin itong kamatayan o problema na kinakaharap sa buhay.

Patunay ang temang ito ay nailalahad sa teksto ng tatlong kwentong bayan ng Southern Leyte. Sa katunayan, ayon sa pagsasalaysay sa kwentong bayan na *Misteryosong Barko sa Subang Daku* na tinatawag na MV Cacao, nagdadala ng senyales ang barko na may paparating na kalamidad o sakuna sa



lugar sa oras na tatawid ito sa Subang Daku, isang malaking ilog na matatagpuan sa sentro ng isang bayan sa lalawigan.

Inilahad sa kwentong isinalaysay sa *Mistryosong Barko sa Subang Daku* ng Sogod, Southern Leyte:

**(T7, P1)** *May mga tawo nga nagatoo nga kining maong barko naghatag og senyales o signos nga naay umaabot nga dili maajo.*

Ang pahayag na ito ay nagbabadya ng senyales ng kapahamakan sa lugar. Maaring magdulot ng sakuna o anumang dala ng kalikasan tulad ng kalamidad. Ayon sa manalaysay, sa panahon na ang barko ay tatawid sa ilog nagbabago ang ihip ng hangin at ang bugso ng ulan. Papalakas nang papalakas ito habang may maliwanag na ilaw na dumadaan sa ilog. Naghahanda na lamang sila kapag lumalakas na ang ulan dahil babaha na naman at pumapasok ang tubig mula sa ilog sa kanilang bahay.

Ang pangyayaring ito ay may kaugnayan sa pagsusuring pangnilalaman sa Maria Cacao ni Seki (2001). Ayon sa kanya, sumisimbolo ang karakter ni Maria Cacao sa paparating na kalamidad (*disaster*), pagiging handa (*preparedness*), pagpapagaan sa dulot o epekto (*mitigation*) at pag-iwas (*prevention*). Sang-ayon ang mananaliksik dito, batay sa resulta ng pag-aaral ni Seki (2001) na nagpapakita ng kahandaan sa buhay ang kwentong ito. Samakatuwid, hindi lalayo ang konsepto ng misteryosong barko na ito sa kwentong bayan ng Agusan del Norte at ng Cebu patungkol kay Maria Cacao. Subalit, ayon na rin sa pagsasalaysay tungkol sa misteryosong barko na ito, walang babaeng nakasakay (kilalang Maria Cacao ng Agusan del Norte at Cebu) sa barko ngunit isang lalaki na may dalang isang maitim na aso ang siyang makikita sa balkonahe ng barko na dumudungaw sa dinadaanang ilog.

Sa kabilang dako naman, malilirip ang tema na ito sa sumusunod na salaysay sa kwentong *Mistryosong Barko sa Subang Daku*:

**(T6 ,P7)** *Sigon sa istorya sa mga tawo sa pagbisita sa misteryosong barko, dili gajud moadto o magpaduol sa sapa, labi na ang mga bata ug buntis, kay manguha kini og tawo ug isakay sa MV Cacao aron ihalad sa mga engkanto.*

**(T6, P8 at P9)** *Ang pag-agi niini mahitabo lamang sa buwan sa Disyembre atol sa panahong ting-uuwan ug diin taas ang tubig. Mokanaog kini usa hangtod sa ikaduha ka buwan dala ang daghang inani nga mga cacao.*

Ang usaping ito ay nagdudulot ng ibayong takot sa mga tao malapit sa ilog kaya naman marami ang nagnanais na iwasan ito. Kung kaya, may dalang takot din ang dulot na senyales ng barko na ito sa mga tao na pinatunayan naman ng isang manalaysay na tunay na may nangyayaring ganito sa lugar. Dagdag pa ng manalaysay na sa tuwing dadaan ito, nagbabadya rin ang MV Cacao ng panganib na kumuha ng buhay ng isang inosenteng tao na malapit sa ilog na nilalabay nito. Kung kaya, ang mga tao na malapit sa ilog ay nagtatago, nagbabantay at naghahanda anumang oras at panahon.

Sa takbo naman ng kwento na *Mensaherong Pungaw*, naging hudyat din ang *pungaw* o kuwago, isang uri ng ibon, sa intwitibong intelehensyang dala nito sa tao.

Ipinapahiwatig sa kwento ang mga sumusunod na salaysayin:

**(T4, P4)** *Kamatajon, mao kini ang gikatoohan sa mga katawhan sa mensahe nga dala sa langgam*

**(T6, P3)** *Busa, kung unsa man ang dala sa maong mensahero mas maajo na mangandam ang mga katawhan.*

**(T6, P5)** *Ang maong pangutana sa mensahe sa pungaw nagpabiling pangutana nga walay masayod nga tubag ug labina nagpabiling asoy sa mga katiguwangan sa pagpangandam sa mga umaabot nga mga katalagman sa kinabuhi.*

Ayon sa naratibong pagsasalaysay, ang boses ng isang *pungaw* na pinaniniwalaang mensahero sa lugar ay maaring tanda ng dalawang magkaibang uri ng *pungaw* - *pungaw sa kakugangan* at ang *pungaw sa hawan*. Ang *pungaw sa kakugangan* ay laging tumutunog tuwing hating-gabi, samantalang ang *pungaw sa hawan* ay bihira lang tumutunog sa gabi. Kapwa pinaniniwalaan sa kwentong ito na tanda raw ito na may mamamatay o may magkakasakit. Kung kaya't ayon sa manalaysay na sa oras na kanyang naririnig ang boses ng *pungaw* ay natatakot ang mga tao at ang ilang na may sakit ay nilalakasan ang kanilang loob.

Samantala, napansin ng mananaliksik sa pagsasalaysay sa kwentong ito patungkol sa paniniwala sa dalang mensahe ng *pungaw* o kuwago na hindi alam ng mga tagapagsalaysay ang kadahilanan nito maging ang maaaring kahinatnan kung bakit nagkakatotoo ang mensahe. Ang hawak lang nilang nalalaman na sa tuwing nandyan ang *pungaw* nagpapahiwatig na ito na may namamatay o nagkakasakit.

Pinatunayan ito sa artikulo na isinulat ni Clifford (2020) sa website na *World Birds for the Joy of Riding*, isinasaad na ang *pungaw* o kuwago ay may kakaibang intelehensiya na maaring magdulot ng masama o mabuti at kadalasan sumisimbolo sa *paranormal wisdom* na kung saan nagpapahiwatig ng kamatayan ang *pungaw* o kuwago, kung kaya binansagan itong "*heralds of death*".

Kakikitaan din ng temang ito ang kwentong bayang *Wowog* sa paghahanda sa sarili sakaling makasalamuha at madatnan ang makamandag na nilalang na ito. Ang kwentong bayan na *wowog* ay pumapaksa sa karanasan ng mga tao kapag nakaharap nila ang nilalang na ito na kauri ng manananggal o aswang.

Matutunghayan sa salaysayin ng kwento ang sumusunod na pahayag:

**(T7, P3 at P4)** *Ang mga tawo nalisang ug nahadlok sa ilang nadunggan kay abi nila sa hunahuna lang kini buhi ug dili kini tinood. Apan ang mga pulong nahimong tinood. Ila dayong gipanghipos ang ilang*

*mga sakop ug gidid-an ang mga bata aa paduwa inig ka gabii.*

**(T8, P1)** *Sukad kaniadto, kahadlok na ang maong wowog tungod kay labaw pa kini sa wakwak ug kikik kay mangatang kini ug patyon ang tawo pinaagi sa ijang tinai, pagatuk-on hangtod mamatay ug ijang kan-on.*

Ayon sa paglalahad ng kwento, tanging ang makikita mo sa pisikal na katawan ng isang wowog ang lamang-loob ng isang tao na lumilipad gamit ang mataas nitong buhok. Pinapatay ng wowog ang tao gamit ang bituka hanggang mawalan ito ng hininga. Dagdag pa ng isang manalaysay na sa panahong lumalabas ang wowog, ang mga lalaki sa kanilang baryo ay naghahanda ng mga pamatay na gamit para mapatumba ito at dumadako sa mga *kagingking* o kawayan dahil ayon sa manalaysay ito raw ang kanilang taguang-lugar.

Inilarawan sa Aswang Project (2016) na ang wowog ay kilalang *'ungga-ungga'*, *'bog-bog'*, *'oka-oka'*, *'ug-ug'*, *'wuwug'*, o *'wugwug'*, at *'yog-yog'* rin ng Visayas at Mindanao kung saan kahawig ng *'penanggal'* o *'penanggalan'* ng Indonesian at Malaysian folklore, at ng *'krasue'* ng Thailand. Kapag 'di nakahanap ng buntis at sanggol na bibiktimahin ang wowog, inaatake nito ang sinumang matyempohan sa gabi. Kahit ulo lamang na lumilipad, kayang makipagbuno ng unnga-ungga sa mga tao. Sasagpangin ng unnga-ungga ang biktima gamit ang kanyang mahabang buhok na sinlakas ng braso ng tao at parang mga galamay na pupulupot sa leeg ng biktima upang sumakal, at pilil na papasukin ang ilong at bibig ng biktima upang hindi ito makahinga. Pati mga mata at tenga ng biktima ay papasukin ng mga buhok ng unnga-ungga. Susubukan din nitong ilulublob sa tubig ang biktima kung malapit sa ilog, lawa, o sapa para malunod.

Ang mga tema na ito na nangingibabaw sa kwentong bayan na *Misteryosong Barko sa Subang Daku, Mensaherong Pungaw* at ang *Wowog* ay lumilitaw sa lokal na panitikan ng Southern Leyte. Patunay ito na ang mga kwentong bayan ng Southern Leyte ay tumatampok sa realidad na sitwasyon ng Southern Leyteño na siyang nagbibigay ng leksyon sa mga mamamayan na kinakailangan na paghandaan at protektahan ang sarili maging ang pamilya at bayan sa anumang sakuna o kalamidad na darating. Sumasalamin ang kwentong bayan sa nakaugaliang kultura at paniniwala ng isang bayan lalong-lalo na sa pagpapaalala sa mga tao na maging alerto at magkaroon ng atensyon sa mga bagay na magsisilbing simbolo sa anumang kinakaharap na hamon sa buhay.

### **Pagpapahalaga ng Tao sa Pinagkuhanang Yamang Likas**

Ang mga kwentong bayan ng Southern Leyte ay sumisentro rin sa temang pagpapahalaga sa pinagkuhanang yamang likas. Ang tema ay nagpapahiwatig sa kahalagahan ng papel ng kalikasan bilang kayamanan na ibinigay ng Diyos na sumasalamin sa mga kwentong bayan ng mga Southern Leyteño. Ang temang ito ay nakapaloob sa

kwentong bayan na *Ang Kugtung, Bulawanong Guso, at Si Inday Uho ug ang Amigong Sirena.*

Samakatuwid, ang tatlong kwentong bayan na *Ang Kugtung, Bulawanong Guso at Si Inday Uho ug ang Amigong Sirena* na naihanay sa temang pagpapahalaga sa pinagkuhanang yamang likas ay naglalarawan sa danas ng tao kung paano pinapahalagahan ang kalikasan bilang pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga Southern Leyteño.

Sa pagsusuri, ang mga kwentong bayan na ito ay kuha mula sa mga lugar sa Southern Leyte na malapit sa baybaying-dagat. Ayon sa isang tagapagsalaysay, ang mga kwento na naibabahagi ng mga mangingisda ay lente ng pangkabuhayan nila. Kaya ang mga kwentong nauukol sa pangingisda ang kadalasan nilang ikinukwento kapag may pagtitipon-tipon ang mga mangingisda sa dagat. Dagdag ng manalaysay, ang pagbabahagi ng mga kwentong ito ay mahalaga para sa kanilang pamilya upang tumanaw ng paggalang at pagpapahalaga ang mga anak sa yaman na ipinagkaloob ng kadagatan sa kanilang pamilya. Ipinapakita rin dito ang pagsisilbing huwaran at ang dignidad ng paghahanapbuhay ng mga mangingisda na may dangal at hindi dapat ikahiya ng kanilang pamilya.

Mababasa sa kwentong bayan na *Kugtung* ng Liloan, Southern Leyte ang ekserp na ito na:

**(T1, P2 at P3)** *Dinhing baryoha pagpanagat ug pag-uma ang tiunay nga panginabuhi sa mga katawhan. Bisan sa kalisod sa kahimtang nagmalipayon ang mga tagabaryo sa ilang kinabuhi taliwa sa mga hadla sa panahon.*

Sa takbo ng kwentong bayan na *Kugtung* at *Bulawanong Guso*, kapwa ito ay nanahan sa yamang-tubig, naisasalarawan ang buhay at karanasan ng mga mangingisda sa kwentong ito sa oras na kumukuha ng isda maging guso sa dagat. Ayon sa pagsasalaysay ng kwentong bayan na *Kugtung*, nagsisilbing aral ang kwentong ito sa mga tao, sa kadahilanang, ito ang nagmulat sa mga Southern Leyteño na magbigay-halaga sa yaman ng dagat na kanilang pangunahing ikinabubuhay.

Dagdag pa ng manalaysay, sa kabila man ang kabutihang ipinagkaloob ng dagat sa tao ang bawat pang-aabuso na ginagawa nito ay babalik sa tao. Sambit ng isang tagapagsalaysay, nabuo raw ang malaking isdang kugtung dahil sa pagtatapon ng basura ng mga tao sa kadagatan at paggamit ng dinamita sa pagkuha ng mga isda. Hangga't nabuo ang tinatawag na *kugtung*. Dagdag pa aniya ng tagapasalaysay, kung kabutihan ang layon mo sa pagkuha ng yaman ng dagat, ibabalik nito'y kabutihan din sa iyo.

Sa *Bulawanong Guso* ng Tomas Oppus, Southern Leyte:

**(T1, P1)** *Sa usa ka hapsay nga sitio, diin daghang mga lumulupyo nga abunda ang panginabuhi tungod sa gasa gikan sa ilang pagpanagat.*

**(T7, P6)** *Malipayon nga ning-uli ang mga mananagat tungod kay mapasalamaton sila sa giingon sa mag-asawa nga abunda ug daghan ug guso niini ngadto lugara.*

Tulad ng kwentong bayan na *Bulawanong Guso*, inilalahad nito ang biyaya ng dagat sa kabutihang ugali na ipinapakita ng mag-asawa para maiahon ang pamilya sa kahirapan at mabigyan ng magandang buhay ang kanilang anak. Isinalaysay rito sa kwento ang paniniwala ng mag-asawa sa masamang epekto ng paggamit ng dinamita o anumang gawaing ilegal sa pagkuha ng isda. Naghintay at nagbabakasali lamang ang mag-asawa na may makukuha silang isda. Pagkalipas ng ilang minuto, gumimbal sa kanila ang maliwanag na ilaw na galing sa dagat. Ginabayan ang mag-asawa sa mga maliliit na isda papunta sa liwanag. Doon nakita ng mag-asawa ang maraming mga guso, hangga't nagsilbing pangkabuhayan ng pamilya ang pang-guguso sa bayan na nagsilbing biyaya sa kanila na ipinagkaloob ng dagat sa kabutihang-loob na ipinapakita. Inilalahad lamang sa kwento na anumang kabutihan na ginagawa ng tao, manunumbalik ay kabutihan din.

Patunay din ito sa kwentong *Si Inday Uho ug ang Amigong Sirena*. Ang kalikasan ay humahanap ng pahiwatig sa mga taong patuloy na gumagawa ng kasakiman laban sa kalikasan. Kagaya ng kwentong bayan na *Si Inday Uho ug ang Amigong Sirena*, isang sirena ang naging daan para maka-usap ang batang si Inday Uho sa patuloy ginagawa ng tao sa dagat.

Batay sa salaysay ng kwento, tinulungan ng bata ang sirena dahil may sugat ito. Ninais na sabihin ng sirena sa bata ang pang-aabuso ng ilan sa mga mangingisda. Nagbigay-pahiwatig ang sirena kay Inday sa maaaring kahihinatnan ng ginawa ng mga tao sa dagat. Sa patuloy na pagpapakita ng sirena sa bata, naging matalik na kaibigan ng sirena si Inday Uho, hangga't kinuha ng sirena si Inday kapalit ng kasagaang buhay ng kanyang pamilya at mga mangingisda. Ayon sa sabi-sabi, ginawang reyna si Inday Uho sa kadagatan subalit hindi naniniwala ang kanyang pamilya rito. Ngunit, pagkawala ng bata, ipinagkaloob ng diyos ng dagat ang maraming isda para sa kanyang pamilya at mga kapwa mangingisda.

Ito ay malilirip sa salaysayin na makikita sa kwento:

**(T3, P6-P8)** *Ang lawas sa bata katunga isda og kini usa ka sirena. Tungod sa ijang kalooy, nagpatigbabaw ang ijang pagtabang kay nasamdan man kini tungod sa mga mananagat nga naggamit og dagkong mga taga. Dali-dali nga mikuha si Inday og dahon sa bayabas, gitambalan nija ang maong bata nga samaran hangtod naajo.*

Tunay lamang na ang mga kwentong bayan ng Southern Leyte ay nagbibigay kamalayan tungkol sa pagpapahalaga sa yamang likas. Implikasyon din na maituturing na kaugnay ng tao ang kalikasan kaya't tungkulin ng tao na pangalagaan at pahalagahan ang kalikasan. Pinatunayan ito sa kwentong bayan ng Southern Leyte na ipamulat sa mga kabataan ang mabuting gawain at pagpapahalaga sa kalikasan bilang bahagi ng kultural na gawi o kilos.

Gayunpaman, kahit na may ilang tao na nakalimot at sadyang inaabuso ang inang kalikasan, hindi ito magandang senyales sa hinaharap maging sa mga kabataan. Kung kaya, narito ang mga akda tulad ng kwentong bayan na kung saan nangingibabaw ang mga aral sa bawat kwento upang magturo sa Southern Leyteño na mas lalong pahalagahan, ingatan at mahal in ang kalikasan bilang kawangis ng tao.

### **Pagnanasa sa Makamundong Bagay o Epitimiya Para sa Pansariling Kagustuhan**

Ang temang pagnanasa sa makamundong bagay o epitimiya para sa pansariling kagustuhan ay malilirip sa mga kwentong ang *Sugarol ug ang ijang Misteryosong Hikot, Amigong Duwende, Syudad sa Panaon at Doña Marta Cueva Encantadia*. Ang mga kwentong bayan ng Southern Leyte ay tulad din ng ibang kwentong bayan na pumapaksa sa pagnanasa sa makamundong bagay o epitimiya para sa pansariling kagustuhan. Ang temang ito ay nauukol sa masidhing pagnanais ng tao sa makamundong bagay, maaring malaya ang isang tao na kontrolin ang kanyang puso't damdamin o malaya sa nais na tahakin sa buhay. Ang pagnanasa na ito ay maaring magbunga ng kasamaan o kabutihan sa kapwa o anumang bagay.

Ang temang ito ay napapaloob sa ilang kwentong bayan ng Southern Leyte tulad ng *Ang Sugarol ug Ang Ijang Misteryosong Hikot, Doña Marta Cueva Encantadia at Amigong Duwende*. Pawang ang mga kwentong bayan na ito ay tumutuon sa mga di maipapaliwanag din na nilalang o tinatawag na "*di-ingun-nato*" o engkanto. Ang mga makapangyarihang nilalang na ito ay siyang nagbibigay ng ninanais ng pangunahing tauhang ng kwento na maaring kapalit ay buhay o magbigay ng senyales sa gawi o kinikilos nito sa kapwa.

Ayon sa isang tagapagsalaysay, may ilang engkanto o engkantada na tumutulong sa tao upang makuha ang ninanais na pagkagahaman ng tao sa buhay. Kagaya rin ng engkantada na si *Doña Marta Cueva Encantadia*, isang engkantada na may busilak ang puso sa pagpapahiram ng mga muwebles o kagamitan sa mga taong pumupunta sa kanyang tinitirhang kweba.

Inihayag ito sa kwento niya:

**(T2, P1)** *Ang langob nga wala'y ngalan apan bantog sa mga lokal nga residente tungod kay sa unsay gusto sa tawo nga butang sa panahon nga naay kasal, kapistahan ug pangilin sa adlawng natawhan, ang mga tawo makahulam bisan unsang mga gamit na gusto ug kini ipahulam sa usa ka diwata nga si Doña Marta.*

Lahat ng gustong hiram in na gamit ng tao kay *Doña Marta* tumutungo sa kanyang mahiwagang kweba. Ayon sa tagapagsalaysay, binubulong ng tao ang gustong hiram in na gamit sa bukana ng kanyang kweba. Sasambitin sa bukana ang "*Doña Marta, Doña Marta, Doña Marta, mohuwam ko ug ...*" Nakapaloob sa sambit-tawag na ito ang kanyang pangalan at ang gamit na hihiram in. Sinumang tao na hihiram in ang gamit ay sa araw lamang ng Biyernes ito kukunin mismo sa bukana ng kweba at dapat masauli ito kaagad pagkatapos ang araw ng paggamit.



Pinapahiram ng engkantada ang mga tao sa kondisyon na sa pagsauli ng gamit na inihiram ay katulad din ang hitsura nito sa pagkuha nila. Ngunit, nagalit at nagdamdam ang engkantada sa ginawa ng tao sa kanya.

Isinalaysay sa kwentong bayan na:

**(T6, P2 at P3)** *Nahinabo nga daghang mga lumad nga nanghuwam og mga gamit nga wala ibalik ug wala ampingi. Sukad nga nahitabo kini, nasuko sija ug dili gusto ni Doña Marta nga tugutan niya nga manghulam pa usab ang mga katawhan sa ijang mga gamit ug hangtod karon kay nag-abusar na kini.*

Batay sa isang mananalaysay, maraming tao ang nakahiram na ng mga gamit sa bahay at maging mga magagarang damit at mga *burluluy* o palamuti. Dahil sa pang-aabuso ng tao sa kabutihang-loob ni Doña Marta, hindi na niya pinapahiram ang mga tao ng mga gamit. Nagalit daw ang engkantada at kinasusuklaman niya ang tao sa kasakiman nito na ginawa sa kabila raw ng kabutihan na kanyang ipinapakita.

Ang kwentong ito ay kapareho din sa naging takbo ng kwento ni Maria sa *Syudad sa Panaon*. Si Maria ay kawangis din ni Doña Marta na mapagbigay at may kabutihang-loob. Kaibahan lamang kay Maria, ang taong gustong humiram ng gamit sa kanya ay dapat na naisulat sa papel ang anumang gamit na hihiram at ilalagay sa mala-basong bato sa labas ng kanyang kweba at babalikan sa kasunod na araw.

Ang temang may kaugnayan sa pahayag na mula sa kwentong *Syudad sa Panaon*:

**(T6, P7)** *Milabay ang mga adlaw sa panahon diin nahitabo ang maong misteryo nag-abusar ang mga katawhan sa pagpahulam og plato ug uban pang butang apan wala na kini nila gipang-uli.*

Sa kwentong bayan na *Ang Sugarol ug Ang Ijang Misteryosong Hikot*, kung saan isang sugarol o sugalero ang pangunahing tauhan sa kwento, tinulungan ng isang engkantada ang lalaking sugalero na makamit ang kanyang ninanais ang magkaroon ng maraming pera at makuha nito ang luho. Binigyan ito ng isang pulang *hikot* o tali na kapag inihagis ay magiging isang matapang na manok. Nang makamit na nito ang yaman na ninanais, inabuso niya ang binigay ng engkantada hangga't nawalan na ito ng bisa. Ito ay malilirip mula sa kwento at mababasa ang pahayag na:

**(T3, P4 at P5)** *Usa ka pinakadakong kapakyasan ang nahitabo diin, gijog tuka ang ijang nabling manok sa kontra niani hantod napildi sija. Ug ang napo ka ektaryang kalubian nija ang maong giprenda diin wala gyud nakabalo ani si Lita.*

Sa pamamagitan ng mahiwagang tali o 'hikot' sa Bisaya, nakuha ng sugarol ang kanyang mga gusto at ninanais pati na rin ang mga naitalong kanyang ipinirenda. Isang malaking kababalaghan na sa lahat ng nilahukan niyang sabong ay panalong-panalo siya. Hanggang wala nang nakipagbugno sa kanyang

manok dahil inakala ng mga kasamahan sabungero na hindi na ito manok at kakaiba na ito. Hindi pa rin nagpatalo sa away ang sugarol at halos naging sikat na siya sa lugar sa tapang at kisig ng kanyang manok.

Kakaiba rin ang ipinagkaloob ng mga engkanto sa batang si Nes sa kwentong bayan na *Amigong Duwende*. Sa kabuting-loob na ipinakita niya sa tatlong kaibigang duwende, binibigyan ito ng mga bilang o numero para itataya sa lotto. Sa bawat numero na ibinibigay ng duwende, walang pang talo. Hanggang nalaman na ito ng kanyang guro na may kinakausap itong sa likod ng kanilang silid gamit ang palad niya. Natakot ang guro at kinausap niya ang bata tungkol dito. Hindi nagpatinag ang bata sa payo ng guro, patuloy pa rin niya itong kinausap dahil napamahal na siya sa mga ito. Ang mga ito ay nailalahad sa pahayag na:

**(T4, P3 at P4)** *Kay tungod ang bata kanunay sugoon sa ijang nanay nga motaya og swetres, hatagan kani sija og mga numero ug modaug gayud ang maong mga numero. Gihimo gayud ni nga sekreto sa bata.*

Pinatunayan sa mga kwentong bayan ng Southern Leyte na naging bahagi na ng pasalindilang mga kwento ang mga ganitong tema. Umiiral ito dahil na rin sa mga sitwasyon at pangyayaring sa buhay ng mga taga-Southern Leyteño. Ang mga kwentong ito ay nagbunsod sa pagiging kontento at hindi kontento sa kung ano ang mayroon ng isang tao. Pinaaalalahanan sa kwentong ito na ang tao ay dapat na matutong dumiskarte sa buhay sa paraang ikabubuti sa sarili at sa kapwa. Kung kaya, pinaniniwalaan ng mga Southern Leyteño ang paniniwalang hindi mawawala sa mundo ang mga hamon o problema sa paligid, ngunit gaano man kabigat ang mga hamong ito ay may Panginoon na palaging nandiyan at nakatutok sa anumang pagkakataon.

### **Matinding Pananampalataya at Panata sa Patron**

Ang temang matinding pananampalataya at panata sa patron ay isa sa mga pangunahing dimensyon sa mga kwentong bayan ng Southern Leyte. Bunsod ito sa matibay na panata at pananalig ng mga Southern Leyteño sa Panginoon at mga pagsasamba sa mga patron. Ito ay makikita sa mga kwentong bayan na pasalindila na binabahagi ng mga tao sa karatig bayan ng Southern Leyte. Napapaloob sa mga kwentong bayan na ito ang biyaya at himala na pinagkaloob ng patron sa buhay ng isang tao at paano ito binago ang buhay sa isang masalimoot na daan tungo kagandahan ng buhay dahil sa matinding pananampalataya at panata.

Ang mga kwentong bayan na ito ay sumasalamin sa isang Southern Leyteño na maipakita ang pag-aalay sa araw ng kapistahan, debosyon at taos-pusong pananalig sa Diyos na kung saan bahagi ng kultura at tradisyon. Dahil dito, ipinasa ang panata na ito sa sumusunod na henerasyon na panatilihin upang magpatuloy ang biyaya at pag-asa upang hindi ito magdala ng kapahamakan sa buhay. Ito ay makikita sa kwentong bayan na *Pagpanalipod ni Senyor*

*Santiago at Ang Milagrosong Senyor San Vicente Ferrer.*

Ayon sa isang tagapagsalaysay sa himalang ipinakita ni *Senyor Santiago* ng Silago, Southern Leyte na sa gitna ng mga matinding kalamidad at mga suliranin ng bayan, ang bantugang Senyor ang nagprotekta sa kanila sa panahon na nawalan ng pag-asa ang mga tao. Batay sa mananalaysay, ang mga Silagonon ay nakarinig ng ingay na takbo ng isang kabayo na umiikot sa buong bayan ng Silago sa gabing lumalakas ang ulan hanggang naging isang bagyo. Dahil sa panata ng mga taga-bayan sa patron, pumunta ang mga deboto sa simbahan upang magdasal at magbigay ng panata sa senyor. Matutunghayan ito sa mga pahayag mula sa kwentong ni Senyor Santiago ng Silago, Southern Leyte:

**(T4, P2)** *Apan ang ilang pagsalig ug pag-ampo kay Senyor Santiago wala kini nawala, kay giila sija nga bugtong gabayan sa mga lumad sa lugar.*

**(T5, P4)** *Agi'g pasalamat sa panalipod, ang mga katawhan nagasangyaw ug nagpasalamat sa Senyor sa pag-iwag sa dalang mangitngit.*

Sa pagpasok ng mga tao sa simbahan, nakita ang patron na napuno ng amorsiko ang kanyang pulag kapa nito. Mula rito, taimtim na nagdasal ang tagabayan sa paraang pasayaw na tinatawag na "dud". Ang sayaw na ito ay nagsilbing *sajaw-pasalamat* sa patron na si Senyor Santiago. Magpahanggang sa kasalukuyan, ang pagtalima sa himalang ipinagkaloob ng patron sa Silago ay hindi mawawala isip maging puso na naging hudyat ng kanilang patuloy na panata sa patron.

Ito rin ay makikita sa kwentong bayan na *Ang Milagrosong Senyor San Vicente Ferrer*. Nagsimula ang panata ng mga tao sa patron na si Senyor San Vicente Ferrer sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanyang imahe sa isang ordinaryong kahoy sa ilog. Ipinahayag sa kwento na:

**(T6, P4)** *Ug tungod niadto, napuno sila og grasya sa kinabuhi. Miabot sa panahon nga anaa silay problema apan sa pagdebosyon sa imahen nawagtang kini ug nagpuyo silang malinawon.*

Pahayag ng mananalaysay, isang lalaki na araw-araw na bumibisita sa ilog ang nakakita sa ordinaryong kahoy na ito na. Sa ilang ulit na pagbabalik ng lalaki sa ilog, kinuha ng lalaki ang sunog na kahoy at itinago sa isang baul. Kinabukasan, ayon sa manalaysay, ang ordinaryong kahoy ay may nabuong imahe ng isang tao at sa kalauna'y doon nakita ang imahe ni Senyor San Vicente Ferrer. Ito ang dahilan kung bakit nagimbal ang mga tao sa nakita at sa pagkakataon na iyon nagpatuloy na ang kanilang pananampalataya at panata sa senyor.

Ilang mga nasuring kwentong bayan sa Southern Leyte ay kakikitaan ng pagiging malapit ng mga Southern Leyteño sa Diyos at kung paano nila ipinagkaloob ang kanilang buhay. Ipinapakita rito na sa anumang mga hamon, dagok, problema at ano pa

hindi mawawala ang gabay at pananalig sa May Kapal sa bawat landas na tatahakin sa buhay.

Sa kwentong *Amigong Duwende*, naitatampok dito ang pagiging madasalin ng tao para sa kapwa na nakakita ng engkanto. Ang araw-araw na pagdarasal ay nagbibigay sa kanila ng positibong kapaligiran at pananaw sa buhay. Ito ay makikita sa pangungusap na:

**(T9, P1 at P2)** *Sa mga panghitabo, halos kada adlaw silang nag-ampo ug nangadje para mabugaw palayo ang dili ingon nato. Hangtod karon matingala pa ang mga magtutudlo sa eskwelahan. Apan nagpatigbabaw ilang hugot nga pag-ampo nga mawala ra ni sila.*

Sa kabila man ng pagmamalupit at pagkuha ng buhay ng Wowog, hindi pa rin nawawalan ng pag-asa ang mga tao at naging daan ang mahigpit na pananampalataya nila sa May Kapal. Kung kaya, sa pagsalakay ng wowog, lahat ng miyembro ng pamilya ay patuloy na nagdarasal para sa katahimikan at katiwasayan ng lugar. Walang pinagkaiba rin ito sa pangyayari sa *Syudad sa Panaon*, na kahit puno ng misteryo ang lugar ang kanilang panata at paniniwala sa May Kapal hindi matitinag, ito ay ayon sa mananalaysay.

Malilipir ang mga ito sa pahayag na mula sa *Wowog* (T6, P5) at *Syudad sa Panaon* (T7, P1 at P2):

**(T6, P5)** *Sa nahitabo nija, hinungdan sa ijang hugot ng pag-ampo sa Ginoo nga ilajo sija ug ijang pamilya niadtong wowog.*

**(T7, P1 at P2)** *Ang maong lugar sa Panaon hangtod karon misteryoso ug puno ka katingalahan apan asoy sa mga tawo, kini anaa gayud nagpalibot kanato. Apan hugti ang maong pagtoo sa Ginoo aron malikayan nato ang mga butang nga dili maajo.*

Isang matibay na implikasyon ito sa kwentong bayan ng Southern Leyte na nagpapakita sa pagiging relihiyoso at maka-Diyos na pakikitungo sa kapwa tao at sa lipunan ang mga Southern Leyteño. Naging bunsod ito sa matatag na paniniwala at panata ng mga tao sa kani-kanilang patron. Pinaniniwalaan ito na siyang nagbigay ng kasaganaan at pag-asa sa buhay, motibasyon sa pagtahak ng sarili sa panibagong pahina, inspirasyon sa pagkamit ng pangarap, instrumento sa pagharap ng hamon sa masalimoot na mukha ng mundo. Tunay na hudyat ito sa matibay na pundasyon ng Southern Leyteño at ang masaganang daloy sa pagkamaka-Diyos na kung saan kumikilala sa buhay at kultura ng Southern Leyte.

Mahalaga ang pagtuturo ng kwentong bayan sa Southern Leyte dahil nakatuon sa mga kwentong ito ang temang naglalarawan sa buhay at karanasan ng mga Southern Leyteño. Lente ang kwentong bayan sa pagbibigay ng magandang lunsaran sa pagtuturo sa panitikan upang lubusang makilala ng mga mag-aaral ang kanilang sarili bilang Southern Leyteño.

Sa karanasan ng mananaliksik, tunay na ang pananalig sa Diyos ang siyang nagbibigay ng lakas sa mga Southern Leyteño dahil ito ang nagbibigay ng positing aspekto sa buhay. Kadakit pa nito, ang hindi



matatawarang pagmamahal sa pamilya, sa kapwa at sa kalikasan ay siyang resulta ng tunay na pag-ibig at pananampalataya sa Diyos. Kung kaya, sa pagtuturo ng mga temang nangingibabaw mas matatalos sa mga mag-aaral na Southern Leyteño ang pinagyamang isip at angking talino ng kanilang pinanggalingang lahi. Kung kaya, ang pagtuturo nito ay mahalagang tugon sa kasalukuyang kurikulum ang kontekwalisasyon at lokalisasyon ng pagtuturo at pagkatuto ng K to 12.

## VI. CONCLUSION

Ang kwentong bayan ng Southern Leyte ay lumilente sa isang nangingibabaw na kaisipan, isang nagkakaisang pananaw, isang moral na siyang pangunahing ideya sa likod ng iyong kwento na kumikilala sa kultura, karanasan, at buhay ng mga Southern Leyteño. Isang mahalagang sangkap sa pagtugon ng contextualized learning curriculum sa pagtuturo ng mother tongue ang pagkatuklas ng mga natatanging tema ng kwento sa pagkatuto ng kaalamang pangkultural bilang tugon sa kontekstuwalisasyon at lokalisasyon ng pagtuturo, pagkatuto, at pagpapayaman ng panitikang Filipino sa kurikulum sa Filipino.

## REFERENCES

- Adanza, J. (2014, Marso 6-8). *Traversing 21st century Filipino values*. Isang presentasyon sa De La Salle University Research Congress. Nakuha mula sa [www.dlsu.edu.ph/conferences/dlsu\\_research\\_congress/.../LCCS-I-001-FT.pdf](http://www.dlsu.edu.ph/conferences/dlsu_research_congress/.../LCCS-I-001-FT.pdf).
- Aguilar, R. et al. (2009). *Panitikan ng Pilipinas*. Manila, Philippines: Grandbook Publishing Inc.
- Antonio L. et al. (2007). *Mga panitikan ng Pilipinas*. Manila, Philippines: C & E Publishing Inc.
- Antonello P. at Diazz, A. (2019). *Introduction: Intersubjectivity, desire, and mimetic theory: René Girard and psychoanalysis*. DOI: 10.14321/contagion.26.2019.0001. Kuha mula sa [https://www.researchgate.net/publication/333007103\\_Introduction\\_Inter\\_sub\\_jec\\_tivity\\_Desire\\_and\\_Mimetic\\_Theory\\_Rene\\_Girard\\_and\\_Psychoanalysis](https://www.researchgate.net/publication/333007103_Introduction_Inter_sub_jec_tivity_Desire_and_Mimetic_Theory_Rene_Girard_and_Psychoanalysis)
- Asain, C.A. (w.p.). Isang seminar na papel sa kwentong bayan: *Daluyan ng kultura at katutubong kultura*. Nakuha mula sa [http://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/C.-Asain\\_Kuwentong-Bayan.pdf](http://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/C.-Asain_Kuwentong-Bayan.pdf)
- Babalola, E. T., at Onanuga, P. A. (2012). Atrophization of minority languages: Indigenous folktales to the rescue. *International Journal of Linguistics*, 4(1), pp. 158-173.
- Bandolon, L. (2014). *Mga pamanang lahi*. Kuha mula sa <http://scientificconclusion.com/2014-08/kahalagahan-ng-pamanang-lahi-para-sa.html/>
- Bayang E.E. at Go-Aco. (2020). Mga obserbasyon ng mga kulturang pambansang pilipino mula sa mga aralin sa panitikang asyano sa Filipino ng K12 grade 9 module. *Journal of Environmental Science, Computer Science and Engineering & Technology*. Sec. C; Vol.9. No.2, 255-269. E-ISSN: 2278-179X. DOI: 10.24214/jecet.C.9.2.25569.
- Bowen, G. A. (2009). Document analysis as a qualitative research method. *Qualitative Research Journal*. 9(2), 27-40. doi:10.3316/QRJ0902027
- Bulatao, J. (1962). Philippine Values I: The Manileno's Mainsprings. *Philippine Studies*, 10(1), 45-81.
- Casanova, A. at Panganiban, L. (2005). *Panitikang Filipino*. Manila: Rex Book Store.
- Catapang, K.G, et al. (2002). *Pagsusuri sa mga alamat at mga kwentong-bayan tungkol sa lawa ng Sampalok at ang kaugnayan nito sa araw-araw na pamumuhay ng mga mangingisda ng San Pablo, Laguna*. University of the Philippines Los Baños. Nakuha sa file:/// C:// Pagsusuri\_sa\_mga\_Aalamat\_at\_mga\_Kwentong-%20(1).pdf
- Catipay, T.M.A. (2019). Antolohiya ng mga Sugbu-anung Kwentong Bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, Vol. 7, No. 1, February, 2019
- Cigay Dorji, T. (2009). Preserving Our Folktales, Myths and Legends in the Digital Era. *Storytelling. Self - Society*, Volume 6(1), 19-38.
- Correa, R. (2015). *Baybayin: Paglalayag sa wika at panitikan*. Batayan at sanayang aklat sa Filipino 7. Rex Book Store Inc.
- Dafalla, M.M. (2015). Interpretations of a Sudanese Folktale. *American International Journal of Contemporary Research*. Vol. 5, No. 5.
- De Leon, F.M. (2017, Pebrero 23). *Isang pahayag mula kumperensiyang sampaksaan sa k'wentong bayan*. University of the Philippines-Diliman.
- de Bruijn, A. (2019). From Representation to Participation: Rethinking the Intercultural Educational Approach to Folktales. *Child Lit Educ* 50, 315-332. <https://doi.org/10.1007/s10583-017-9330-x>
- Du, N.O. at Hufana, N.L. (2014). Pagdalumat sa mga sinaunang di- materyal na kultura ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato mula sa Kanilang Kwentong Bayan. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*. Volume 2, No. 6.
- Eslit, E.R. (2013). *Filipino folklore revisited*. Kuha mula sa: <https://www.researchgate.net/publication/321016717>
- Evasco, E. (2000). Sa pusod ng lungsod: Mga alamat, mga kababalaghan bilang mitolohiyang urban. *Humanities Diliman*, 1(1), 69-91.
- Evasco, E.Y. at Ortiz, W.P. (2008). *Palihan hikayat sa panitikan at malikhaing pagsulat*. Quezon City, Manila: C & E Publishing Inc.
- Eugenio, D. L. (1996). *Philippine Folk Literature: The Legends*. Manila: University of the Philippines- Diliman.
- Eugenio, D. (2007). *Philippine Folk Literature: An Anthology*, 2nd, Quezon City: University of the Philippines Press, 498. ISBN 978-971-542-536-0.
- Felisilda, V.B. (2015). Social Realities Embodied in Folk Songs of Southern Leyteños. *Journal of Educational and Human Resource Development*. Vol. 3, No. 1:66-81 (2015)
- Felisilda, V.B. (2014). Rural Life Imagery Representations In Selected Folk Songs. *Journal of Educational and Human Resource Development*. Vol. 3, No. 1:51-65(2015)
- Galdo, M.B. (2021). Salik-Suri sa Kultura ng Southern Leyteñong Kwentong Bayan. *Lukad: An Online Journal of Pedagogy* Volume 1 Issue 2 (December 2021) 28 – 50. ISSN 2799-0435.
- Hong Nhung, P.H. (2016). Folktales as a Valuable Rich Cultural and Linguistic Resource to Teach a Foreign

Language to Young Learners. *International Journal of Education, Culture and Society*. Vol. 1, No. 1, 2016, pp. 23-28. doi: 10.11648/j.ijecs.20160101.15

Joven, M. (2013). *Pagsusuri sa mga Filipino tesis ng mga piling SUC's ng rehiyon VIII*. Di-nalathalang tesis. Southern Leyte State University, Tomas Oppus, Southern Leyte.

Kirszner, L. G.; Mandell, S. R. (1994), *Fiction: Reading, Reacting, Writing*, Paulinas, pp. 3–4, ISBN 015501014X.

Levenson, A. T. (2011). *The making of the modern Jewish bible: How scholars in Germany, Israel, and America transformed an ancient text*. Lanham, MD: Rowman & Littlefield Publishers, Inc. p. 85. ISBN 9781442205161.

Lim, A. (2013). *Mga tradisyon o kaugalian ng mga Pilipino*. Nakuha mula sa <http://srnhsfilipino.com/mga-tradisyon-o-kaugalian-ng-by.html>

Lopez, M. L. (2006). *A handbook of Philippine folklore*. University of the Philippines - Diliman Press pp. 88.

Lumbera, B. at Lumbera, C.N. (2004). *Philippine Literature: a history and anthology*. Pasig City, Philippines: Anvil Publishing Inc.

Mabaquiao, N.M. (2007). Globalisasyon, Kultura at Kamalayang Pilipino. *Malay* 19 (3). Kuha mula sa <https://ejournals.ph/article.php?id=7900>

Mphasha, L E. (2017). *Folktales reveal the cultural values of the community: A SWOT (strengths, weaknesses, opportunities, and threats) analysis*. <https://doi.org/10.1080/09720073.2015.11891663>

McKay, S. L. (2001). Literature as content for ESL/EFL. In M. Celce-Murica (Ed.), *Teaching English as a Second/Foreign Language* (pp.319-332). New York, NY: Heinle and Heinle.

Nares, A. M. (2018). *Tematikong analisis sa mga piling tulang Tomasian: Pinagyamang Silabus*. Di-Nailathalang Disertasyon. Cebu Normal University, Cebu City, Philippines.

Neumann, W. L. (2011). *Social research methods qualitative and quantitative approaches*. Pearson New International 7<sup>th</sup> edition, Pearson, Boston. Kuha mula sa [letrungheiyutvu.yolasite.com/resources/w-lawrence-social-research-methods\\_-qualitative-and-quantitative-approaches-pearson-edu-cation-limited-2013.pdf](http://letrungheiyutvu.yolasite.com/resources/w-lawrence-social-research-methods_-qualitative-and-quantitative-approaches-pearson-edu-cation-limited-2013.pdf)

Nibalvos, I. M. P. (2017). *Pagpapahalagang Pilipino sa mga piling siday ng San Julian, Silangang Samar (Filipino values in selected siday of San Julian, Eastern Samar)*. San Beda University.

Oxford English Dictionary (2012). *International Oxford Dictionary*.

Panganiban, J. V. (1987). *Panitikan ng Pilipinas*. Bede's Publishing House, Inc. Quezon City.

Panganiban, J. at Casanova, A. (2005). *Mga panitikan ng Pilipinas*. Nakuha mula sa <http://worldcat.org.ph/>

Pham Thi, H.N.(2016). Folktales as a Valuable Rich Cultural and Linguistic Resource to Teach a Foreign Language to Young Learners. *International Journal of Education, Culture and Society*. Vol. 1, No. 1, 2016, pp. 23-28. doi: 10.11648/j.ijecs.20160101.15

Rubin, L. T., et al. (2001). *Panitikan sa Pilipinas*. Quezon City, Manila: Rex Bookstore Inc.

Scalia, Joseph E.; Shamblin, Lena T. & Research and Education Association (2001). *John Steinbeck's Of mice and men, Piscataway, N.J: Research & Education Association*, p. 13, ISBN 087891997X, retrieved February 11, 2013

Seki, K. (2001). *Rethinking Maria Cacao: Legend-making in the Visayan Context. Philippine Studies* – JSTOR. Vol. 49, No. 4 (Fourth Quarter 2001), pp. 560-583. <https://www.jstor.org/stable/42633499>.

So Jung, K., An, S, Guang-Lea at Bach, A. (2018). Using Animated Folktales to teach cultural values: a case study with korean-american bilingual kindergartners. *Journal of Research in Childhood Education*. vol. 32, NO. 3, 295–309. <https://doi.org/10.1080/02568543.2018.1464528>

Tiatco, A.P. at Javier, J.R. (2017, Pebrero 23). *Isang pahayag mula kumperensiyang Sampakaan sa K'wentong Bayan*. University of the Philippines-Diliman.

Timbreza, F.T. (2003), *Filipino values today*. Navotas, Metro Manila: Navotas Press, 2003, Vol. 1

Tumangan, Sr., Alcomtiser P. et.al. (1990). *Panitikan ng Pilipinas para sa kolehiyo*. National Bookstore. Diliman, Quezon City.

Villafuerte, P.V., (2000). *Panitikang panrehiyon sa Pilipinas*. Valenzuela City: Mutya Publishing House.

Virtuoso, J. (2017) Paano makikita ang tema sa panitikan? Nakuha mula sa <http://panitikansapilipinas.ph/557231>

Vivas, L. (2009). *Sikolohiya ng wikang Filipino*. Nakuha mula sa <http://liancvivas.wordpress.com/2009/11/16/sikolohiya-ng-wikang-filipino>